

County of Los Angeles
Department of
Public Social Services
(DPSS)



Kailangan Mo Ba Ng Tulong?
**Karapatan para
sa mga Taong
may Kapansanan**

Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa mga serbisyo ng DPSS, mangyaring bisitahin ang aming website - **dpss.lacounty.gov**

Upang mag-aplay para sa mga benepisyo, bisitahin ang BenefitsCal.com



Pagsasampa ng Reklamo

Kung naniniwala ka na hindi ka nakatanggap ng tulong na kailangan mo, maaari kang magsampa ng reklamo. Maaari ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay may diskriminasyon laban sa iyo dahil sa kapansanan.

Maaari kang magsampa ng reklamo ng personal, pasulat (koreo o email), o sa telepono:

Civil Rights Section
12860 Crossroads Parkway South
City of Industry, CA 91746
Phone: (844) 586-5550
TTY: (877) 735-2929
ADAHelp@dpss.lacounty.gov

Hindi Lahat Ng Kapansanan Ay Nakikita

Kailangan mo ba ng tulong dahil sa isang kapansanan?

Pinoprotektahan ng batas ang mga taong may pisikal, mental at kapansanan sa pag-unlad pati na rin ang iba na may malubhang problema sa kalusugan.

Mayroon ka bang isang kapansanan na nagpapahirap sa iyo upang mag-aplay para sa mga benepisyo o makatugon sa mga kinakailangan sa programa? Maaari ka naming bigyan ng karagdagang tulong. Hindi mo na kailangang ibigay sa amin ang iyong mga papeles sa medikal/ patunay ng iyong kalagayan.

Maaari kaming makatulong sa iyo sa:

- Pagbabasa ng aming mga dokumento at mga form
- Pagkumpleto ng aming mga form
- Pagkuha ng mga dokumento na kailangan namin
- Mga pagbabago sa programa at mga kinakailangan sa trabaho
- Paggawa ng mga tipanan
- Iba pang makatwirang pagbabago

Maaaring isama sa mga kapansanan ang mga limitasyon sa:

- Paglalakad, pag-upo o pagtayo
- Pagbabasa, pag-aaral o pag-unawa
- Pagsasalita, pagdinig o pagtingin
- Paligid ng maraming tao
- Pagkawala ng memorya
- Pagharap sa mga emosyon



Paghiling ng isang Makatwirang Pagbabago

Upang humiling ng isang makatwirang pagbabago, maaari kang:

1. Humiling sa sinuman sa kawani ng DPSS o
2. Tumawag sa ADA Hotline sa (844) 586-5550, o
3. Tumawag sa Customer Service Center sa (866) 613-3777:
 - Lunes hanggang Biyernes mula 7:30 a.m. - 6:30 p.m.
4. Humiling ng isang pagbabago sa pamamagitan ng pagsulat at ipadala sa:

Ang mga tao na may kapansanan sa pagsasalita o pagdinig ay maaaring gamitin ang TTY sa (877) 735-2929 (California Relay)

DPSS ADA Title II Coordinator 12860 Crossroads Parkway South City of Industry, CA 91746

o **i-Fax sa:** (562) 692-2240

o **i-Email sa:**

ADAHelp@dpss.lacounty.gov

Ang karamihan sa mga pagbabago ay ipagkakaloob sa oras na hiniling, ngunit ang ilan ay maaaring tumagal ng hanggang limang (5) araw ng trabaho upang suriin at ayusin.